
2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Paggamit ng mga Salitang Kilos sa Pag-uusap tungkol sa Iba't-ibang Gawain sa Tahanan, Paaralan, at Pamayanan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 2**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Paggamit ng mga Salitang Kilos sa Pag-uusap tungkol sa iba't –ibang Gawain sa Tahanan, Paaralan, at Pamayanan.**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito. Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Leslie Joy E. Andrade |
| **Patnugot ng Wika:** | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagasuri:** | Edquel M. Reyes MLIS |
| | Alma T. Bautista PhD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagaguhit:** | Isagani D. Tique, Norman B. Cruz |
| **Tagalapat:** | Armando Deogines A. Garcia, Norman B. Cruz |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Ronilo Al K. Firmo PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Engr. Edgard C. Domingo PhD, CESO V |
| | Leondro C. Canlas PhD, CESE |
| | Elizabeth O. Latorilla PhD |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |


Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon-Region III
Address:Matalino St.,Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

Ikaapat na Markahan –
Modyul 3:
Paggamit ng mga Salitang Kilos sa Pag-uusap tungkol sa iba't-ibang Gawain sa Tahanan, Paaralan, at Pamayanan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Paggamit ng mga Salitang Kilos sa Pag-uusap tungkol sa iba't-ibang Gawain sa Tahanan, Paaralan, at Pamayanan.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Paggamit ng mga Salitang Kilos sa Pag-uusap tungkol sa iba't-ibang Gawain sa Tahanan, Paaralan, at Pamayanan.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito.

# Alamin


Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makagagamit ng mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan **(F2WG-IIg-h-5).**

# Subukin

Panuto: Tingnan ang mga larawan sa bawat bilang. Piliin ang larawan na nagpapakita ng kilos. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.


1.

a. 


b. 

2.

a. 


b. 

3.

a. 

b. 

4.

a. 

b. 


5.

a. 

b. 


# Aralin 1 — Paggamit ng mga Salitang Kilos sa Pag-uusap tungkol sa Iba't ibang Gawain sa Tahanan, Paaralan, at Pamayanan.

**Sa iyong pakikipag-usap sa iyong pamilya**, mga kaklase at kapwa, maaaring makarinig ka ng mga salitang kilos. Ang mga gawain sa tahanan, paaralan at pamayanan ay gumagamit din ng mga salitang kilos. Ganoon din kapag ikaw ay nagbabasa ng pangungusap. Maaaring makabasa ka ng mga salitang kilos o mga salitang nagbibigay ng buhay sa pangungusap.



## *Balikan*


Panuto: Tingnan ang mga larawan. Basahin ang mga salita sa bawat hanay. Piliin ang salitang akma para sa larawan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.




**1.** paaralan palengke parke



**2.** lolo lola bata



**3.** aso ibon bibe




**4.** trak bus dyip



**5.** lapis papel pambura

## Tuklasin

Alam kong isa kang masipag at matulungin na anak. Magbigay ka nga ng ilan sa mga halimbawa ng iyong ginawang pagtulong? Ano ang pakiramdam mo kapag ikaw ay nakatulong sa kapwa?

Halika, basahin mo ang kuwento nina Jane at Neil na katulad mo ring tumutulong sa gawaing - bahay.

### Sina Jane at Neil

ni Leslie Joy Andrade



"Inay, papasok na po kami sa paaralan," ang magalang na paalam ng magkapatid na Jane at Neil sa kanilang ina.

Pagpasok sa paaralan, isinabay na nila ang kanilang kaklase na si Roy papunta sa silid-aralan. Tulad ng nakagawian na nila, nagwawalis, at nagpupunas ng

mesa at bintana ang magkapatid bago pa magsimula ang klase. Habang ang kanilang ibang kaklase ay masayang nagkukuwentuhan sa kanilang nalalapit na bakasyon.




Dinatnan ng guro na malinis ang silid-aralan. Nagsimula na ang klase. Ibinahagi ni Jane sa klase ang tungkol sa kanilang ina.

"Maagang gumigising si inay para ipaghanda kami ng agahan at pagkatapos dali – dali siyang pupunta ng palengke upang kumuha ng paninda at ititinda sa aming pook," kuwento ni Jane.

"Ako at si Neil ang nagliligpit at naghuhugas ng mga pinagkainan bago pumasok sa paaralan. Pagkatapos ng klase, tinutulungan ko na si inay sa kanyang pagtitinda at paglalaba habang si Neil naman ay abala sa paggawa ng kanyang takdang-aralin," ang sabi ni Jane.

Pagkatapos, ibahagi ni Jane ang kanyang karanasan, marami sa kanyang kaklase ang napaisip at humanga sa kasipagan at pagtutulungan ng magkapatid.

Samantala, tuwang - tuwa naman si Neil na ipakita sa kanyang mga kaklase ang iginuhit niyang bahay para sa kanyang inay.



Para sa dalawang magkapatid, ang kanilang pangarap ay isang inspirasyon upang ipagpatuloy at lagpasan ang hamon ng buhay.

Kaya naman laking pasasalamat ni Aling Mirna, sa kaniyang masisipag na mga anak.



# Suriin

Ang salitang kilos ay salitang nagbibigay-buhay sa pangungusap dahil nagsasaad ito ng kilos o galaw ng isang tao, hayop, o bagay. Binubuo ito ng salitang-ugat at mga panlapi. Panlapi: na, ma, nag, mag, um, in, at hin.

Mga halimbawa:

1. Ang mga bata ay <u>**naglalaro**</u> sa palaruan.
   Ang salitang **naglalaro** ay nagpapakita ng kilos.

2. <u>**Kumain**</u> kami ng agahan sa restawran.
   Ang salitang **kumain** ay nagpapakita ng kilos.

3. Ang tubig ay <u>**dumadaloy**</u> papuntang dagat.
   Ang salitang **dumadaloy** ay nagpapakita ng kilos.




*Mga Tala para sa Guro*


Ipagawa ang mga pagsasanay sa mga mag-aaral.

## *Pagyamanin*

### Gawain 1

**Panuto:** Basahin at piliin ang mga salitang kilos na ginamit sa pag-uusap sa tahanan. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.








Maraming salamat, sasabihan ko si Anna na magwalis ng sahig.
Abala si Anna sa paglilinis ng kanyang kuwarto.
Sa tingin ko kailangan na natin kumuha ng makakatulong sa bahay, upang maglampaso at maglinis dito.
Magiging malinis at maayos ang bahay kung matututo tayong magbawas ng ating mga kalat.

## Gawain 2

Panuto: Hanapin sa kahon at punan ng angkop na salitang kilos ang usapan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| maglaro | manonood | maglinis |
| maasuot | susulat | |







Kailangan lamang tandaan at gawin ang tamang pamamaraan.
Dapat tayong _______ ng face mask.
Dapat din tayong _______ ng kamay.
Higit sa lahat ________ tayo sa ating kapaligiran.

## Gawain 3

Panuto: Tingnan ang bawat larawan at pillin ang angkop na salitang kilos sa panaklong. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Si Tatay Carding ay (naglalaba, nagtatanim, naglalampaso) ng mga gulay sa bakuran.



2. (Natutulog, Kumakain, Naglalakad) ng mga prutas si Joy.




3. Ang bata ay (naglilinis, nagbebenta, nanonood) ng mga Mangga.



4. (Nagtatanim, Nag-eehersisyo, Naghihilamos) si Mikael bago matulog sa gabi.



5. Ang mga ibon ay (lumalangoy, tumatakbo, lumilipad) sa himpapawid.





## *Isaisip*

Panuto: Tukuyin kung anong salitang kilos ang ginagawa sa bawat larawan. Hanapin ang tamang sagot sa kahon at Isulat sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| tumakbo | naglalaba | umiinom |
| lumalangoy | nagpipinta | nagdarasal |


1.



2.




3.



4.



5.



## *Isagawa*

Panuto: Tingnan ang mga larawan at basahin nang maayos ang mga pangungusap. Kopyahin ang mga salitang kilos na ginamit sa pangungusap. Isulat ito sa sagutang papel.



1. Nagpapalipad ng saranggola si Lito.




2. Si nanay ay pumunta ng palengke.



3. Araw-araw naliligo sa sapa ang mga bata.



3. Nag-uusap sina nanay at tatay .



4. Ang kuting ay nagtago sa likod ng aparador.

## Tayahin


Panuto: Piliin ang mga salitang kilos sa mga pangungusap. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Nanonood ng sine ang magkaibigan.
2. Binasa mo na ba ang kuwento?
3. Tayo ay magtanim ng mga gulay sa bakuran.
4. Ang mga aso ay naghahabulan sa bakuran.
5. Ang dalawang bata ay naglalaro ng piko.

## Karagdagang Gawain

Panuto:  Basahin ang usapan ng mga bata sa bawat bilang. Kunin ang mga salitang kilos.  Isulat sa sagutang papel.


1.



2. 
Elsa: Sandali lang Ben. Maglilinis pa ako ng ating klasrum.

3. 
Rolly: Mabuti pa magsanay ako sa pagsusulat .

4.


Rino: Ako naman ay magsasanay sa pag-awit.

5.


Rene: Halina kayo mga kaklase! Maglaro na lamang tayo.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. a
2. a
3. b
4. b
5. I

**Balikan**

1. paaralan
2. bata
3. ibon
4. dyip
5. lapis

**Pagyamanin**

| Gawain 1 | Gawain 2 |
|---|---|
| 1.maglampaso | 1.manonood |
| 2.naglalaba | 2. susulat |
| 3.magpunas | 3. magsuot |
| 4.magwalis | 4.maghugas |
| 5.paglilinis | 5. maglinis |

**Isaisip**

1.nagdarasa

2. umiinom

3. nagpipinta

4. naglalaba

5. tumakbo

**Isagawa**

1. Nagpapalipad
2. Pumunta
3. Naliligo
4. Nag-uusap
5. nagtago

**Tayahin**

1. nanonood
2. binasa
3. magtanim
4. naghahabulan
5. naglalaro

**Karagdagang Gawain**

1. gumuhit

2. maglilinis

3. pagsusulat

4. pag-awit

5. maglaro

# *Sanggunian*


Battad-Teresita Tomines, K to 12 Edisyon Filipino 3 Tatas sa Wika at Pagbasa, San Antonio Village, Makati City The Bookmark, Inc.2017

DepEd Order No. 89 s.2020. Most Essential Learning Competencies Filipino, Grade 2 Quarter 4 pp.150

Garcia, Nilda S. et.al, Ang Bagong Batang Pinoy Filipino 2 Kagawaran ng Edukasyon,

**Para samgakatanungan o puna, sumulat o tumawagsa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph